

# Pagdalumat Sa Values Na Napapaloob Sa Isinulat Na Photo Essay Ng Mga Mag-Aaral

*(Assessing the Values Contained in Students' Written Photo Essays)*

**Aileen Mae C. Vallejos**

Teacher III

Sogod National High School  
Southern Leyte Division

**Norlyn L. Borong, Ed.D.**

Associate Professor 4

Southern Leyte State University-Tomas Oppus  
nborong@southernleytestateu.edu.ph

**Abstract-** The purpose of this study is to understand the values contained in the picture essays created by Sogod National High School students in Grade 8. A qualitative technique called content analysis was employed. Ten (10) students were taken as participants who topped their respective sections with a General Point Average (GPA) of 95% and above. The study's instrument is an essay that the participants created using the researcher's prepped photographs. According to the result, values that are helpful, kind, and friendly to the environment are dominant. Eight of the essays in the study matched the values provided by the evaluators, listener, and writer, whereas two essays contained values that were contradictory. The analysis's findings led to the realization that the literary works created can be used to identify the values or moral values of the students. Therefore, using local images as a teaching aid in writing exercises is useful, especially when introducing the values that are occasionally ignored. In order for teachers to completely understand the principles that should be instilled in children, the researchers predicted that there would be more studies of this kind.

**Keywords— lover of nature; kind; helpful; values**

Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito ay madalumat ang values na napapaloob sa mga photo essay ng mga mag-aaral sa Grade 8 ng Sogod National High School. Ginamit ang kwalitatibong pamamaraan sa anyong pagsusuri sa nilalaman (Content Analysis). Sampung (10) mga mag-aaral ang kinuha bilang mga kalahok na nangunguna sa kani-kanilang seksyon na may General Point Average (GPA) 95% pataas. Mga sanaysay na nabuo ng mga kalahok mula sa mga larawang inihanda ng mga mananaliksik ang instrumento ng pag-aaral. Batay sa resulta ng pagsusuri ay nangingibabaw ang values na **makakalikahan**, **makatao** at **matulungin**. Sa pagsusuri, walong (8) mga sanaysay ang magkatugma ang values na ibinigay ng tagasuri, tagapakinig at tagasulat at dalawang (2) sanaysay ang magkasalungat na values na ibinigay. Batay sa resulta ng pagsusuri napagtanto na ang mga values o pagpapahalagang moral ng mga mag-aaral ay

makilala sa pamamagitan ng mga nabuong akdang pampanitikan. Samakatuwid isang mabisang gamitin ang mga lokal na mga larawan bilang kagamitang pampagtuturo sa mga gawaing pasulat lalo na sa pagpapakilala sa mga values na minsan nakaliligtaan ng bigyan pansin. Iminungkahi ng mananaliksik na magkakaroon pa ng pag-aaral tulad nito upang lubusang malaman ng mga guro ang mga values na dapat pa ilinang sa mga mag-aaral.

**MGA SUSING SALITA:**

*makakalikahan; makatao; matulungin; pagpapahalagang moral*

**Introduction**

Ang mga larawan ay nag-iiwan ng bakas ng pighati, kalungkutan, mga alaala at kaligayahan sa mga nakaraan na kasaysayan. Ang mga larawan partikular ang tinatawag na *photo essay* ay nagpakilala sa pagkatao ng isang gumuguhit at sumusulat. Ang *picture method* ay isang magandang paraan sa pagsusuri sa mga pag-uugali ng tao at makatutulong ito sa pagpapalinang ng *moral values* sa mga kabataan (Yusuf, 2012).

Ibinahagi ni Kuehn (2019), na ang mga nabuong awtput ng mga bata tulad ng pagbuo ng kwento, tula, dula, pagguhit ng larawan at iba pa ay nagpakilala sa kanilang tunay na pagkatao ganoon din ang nararamdaman. Sa katunayan maraming mga ispekyulasyon nang nagpakamatay ang isa sa mga anak ng sikat na artista noong 2015. Bago siya nagpakamatay sinuri ng mga kaibigan at kakilala ng kanyang mga iginuhit na nagtataglay ng mensahe tulad ng pagkabigo o *depression*. Binigyang kahulugan ang ginuhit niyang babaeng nalulungkot na may katabing kutsilyo. Kaya sa pag-aaral na ito binigyang-diin ng mga mananaliksik ang mga values na napapaloob sa mga nabuong *photo essay*.

Sa ilang taong pagtuturo ng panitikan napansin na sa tuwing magpagawa ng katha, mga temang pag-ibig ang kadalasang napapaloob sa mga awtput ng mga mag-aaral. Bilang guro na may responsibilidad na huhubog sa mga pag-uugali ng mga mag-aaral ay nababahala dahil nakalimutan na nila ang kanilang responsibilidad sa pagmamahal sa pamilya, lipunan o bayan at sa kalikasan. Ipinaliwanag ni San Juan (2018) tungkulin ng bawat guro na pagtuunan ng pansin ang mga pagpapahalaga o

values ng kanyang mga mag-aaral. Bilang nasa modernong panahon naging kaagapay ng mga mag-aaral ang mga teknolohiya kung saan ang mga teknolohiyang ito ay nakaapekto sa pag-uugali o *values* ng mga kabataan.

Ayon kay Domingo (2018) ang guro ay may responsibilidad na plantasahin ang pagbabago ng pag-uugali ng mga kabataan sa kasalukuyan. Ito ang dahilan kung bakit nahikayat ang mga mananaliksik na kilalanin ang mga pagpapahalagang moral o values sa mga mag-aaral gamit ang photo essay. Mga larawan ang ginamit ng mga mananaliksik dahil ayon kay Atiera (2015) ang mga larawan ay napakahalaga sa bawat indibidwal sapagkat ito ay magkokonekta sa mga nakaraan at nagpapaaalaala sa tao sa isang lugar, sa mga kalungkutan at iba pa. May mga tao na ibinuhos ang kanilang naramdaman sa pagbuo o pagguhit ng larawan. Ang photo essay ay isa sa mga kompetensiyang binigyang diin sa K to 12 kurikulum. Mapapansin sa kasalukuyan na marami sa mga kabataan ang naaliw sa pagguhit at binahagi ito gamit ang social media. Naniniwala sina Baccarella, et al. (2019) ang social media ay may malaking impluwensiya sa paglalarawan ng isang tao sa kanilang nararamdaman.

Ang mga *Filipino values* ay nagpakilala sa mga Pilipino sa ibang bansa na maipagmalaki sa ibang bansa. Ang mga Pilipino ay sikat sa mga magagandang pag-uugali ngunit ang mga pag-uugaling ito ay unti-unti ng naglalaho sa isipan ng mga kabataan (Lopez, 2012) dahil sa maraming impluwensiyang natutunan mula sa kapaligiran. Isa sa mga tungkulin ng guro ay dapat ihasik sa isipan ng mga mag-aaral ang mga moral bilang pag-asa ng bayan sa kinabukasan. Unang tungkulin ng paaralan na maihanda ang mga mag-aaral na matutong makibagay at gumawa sa lipunang kanilang ginagalawan.

Napansin ni Stavrou (2015) na maraming mga guro ay nakalimutan ng isanib ang mga pagpapahalagang moral sa pagtuturo. Ipinaalaala ni Stavrou (2015) na huwag kaligtaan ang pagsanib nito dito dahil tandaan responsibilidad ng bawat guro na humubog sa pagkatao ng kanyang mga mag-aaral. Medyur na layunin ng pag-aaral na ito ay madalumat ang mga values na napapaloob sa mga photo essay ng mga mag-aaral Grade 8. Anuman ang magiging resulta ng pag-aaral na magsisilbi itong batayan ng mananaliksik kung anong mga pagpapahalaga o values na dapat pang ilinang sa mga mag-aaral.

## RESEARCH OBJECTIVES

Layunin ng pag-aaral na ito na makilala ang dalumat sa values na napapaloob sa mga photo essay ng mga mag-aaral Grade 8 SPA ng Sogod National High School.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Ang mga values na napapaloob sa photo essay;

2. Ang pagkatutugma sa mga values sa photo essay na natukoy ng tagapakinig, tagasuri at manunulat.

## RESEARCH METHODOLOGY

Ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatibong pamamaraan sa anyong pagsusuri sa nilalaman (Content Analysis). Ang pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* ay nararapat gamitin sa pagkilala sa mga pagpapahalaga (values) na napapaloob ng isang akda. Ayon ni Bernales (2007), isa itong pamaraan ng pag-aaral sa pagsusuri ng panitikan. Dagdag din ni Kerlinger (1973) ang pamaraang pagsusuri ng nilalaman ay isang paraan sa pag-aaral at pagsusuring komunikasyong sa sistematikong may layon at maaring paraan sa pagsukat ng baryabols.

Ang ginawang kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa Grade 8 na mula sa Sogod National High School (SNHS). Sampung (10) mga mag-aaral ang kinuha bilang mga kalahok. Ang mga kalahok na kinuha ay ang mga nangunguna sa kanilang seksyon na may General Point Average (GPA) 95% pataas, at ang mga kalahok na kinuha ay kasapi sa dyornalismo na sumali sa mga essay writing tuwing Buwan ng Wika at English Month.

Ang instrumento ng pananaliksik ay ang mga sanaysay na nabuo ng mga kalahok mula sa mga larawang inihanda ng mananaliksik. Ang mga larawan na ito ay kinuha mula sa iba't ibang bahagi ng paaralan na may kaukulang pagpapahalaga na makikita base sa larawan.

Bago pa man nagsimula ang pagsulat ng mga sanaysay, inihanda muna ng mga mananaliksik ang mga larawan. Mula sa mga larawang inihanda pumili ang mga kalahok ng dalawang larawan na siyang gawan ng sanaysay. Ang mga nagawang sanaysay ang siyang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito at ang sinuri para malaman ang mga pagpapahalaga (*values*) na naningibabaw sa bawat sanaysay.

Sa paraan ng pananaliksik nagkaroon ng eksibit sa mga napiling larawan. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang tungkol sa paggawa ng sanaysay. Pumili lamang ang mga kalahok ng dalawang larawan mula sa eksibit na gawan nila ng tig-iisang sanaysay. Mula sa nagawang sanaysay binuo ang isang pagtatanghal. Bago pa ito itanghal sinuri muna ng mananaliksik ang kanilang nabuong sanaysay kung anong mga *values* ang nangingibabaw. Saka pa nila ito itinanghal. Sa pagtatanghal inimitahan ng mga mananaliksik ang anim gurong at sampung (10) mga mag-aaral mula sa iba't ibang seksiyon. Sila ang magsisilbing hurado rin sa ginawang pagtatanghal. Ang ginawa ng mga kalahok sa bahaging ito ay tagasuri at mga hurado sa itinanghal ng mga kalahok.

Ang kinuhang tagasuring mga guro ay mula Filipino at English Department na pawang nakatapos ng masteral at nagtuturo sa loob ng limang (5) taon pataas. Ang lahat ng mga nagawang sanaysay ay ginawan ng *content analysis*. Bago ginawa ang pag-aanalisa, naghanda ang mananaliksik ng mga listahan ng mga pagpapahalaga o *values* na nagiging batayan.

Sa pagsasagawa ng *content analysis*, binasa ng mga tagasuri ang mga sanaysay at inalam kung ano-ano ang mga values na napapaloob dito. Pagkatapos ay ginawan ng open-coding upang mapalaliman ang pagkilala sa mga pagpapahalaga o values na napapaloob sa mga nabuong sanaysay. Sinundan naman ito ng pagbigay pangalan sa mga tema na nakita sa pagsusuri.

	makakalikasan	pagpapahalaga sa mga hayop	
8	makatao makakalikasan pagtulong	makatao makakalikasan	
9	makatao pagtulong	makakalikasan pagtulong pagiging masayahin	makatao
10	paggalang makatao makakalikasan maka-Diyos	makatao, makakalikasan pagtulong maka-Diyos	makakalikasan maka-Diyos makatao magalang

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

### Mga Values na Napapaloob sa mga Photo Essay

Sa dalawampung mga larawang inihanda ng mananaliksik pumili ng dalawang larawan ang sampung (10) kalahok at ginawan ng tig-isang sanaysay (essay). May kabuuang sampung (10) sanaysay na sinuri sa pag-aaral na ito. Batay sa resulta napansin na tatlong values ang nangunguna sa mga napapaloob na sanaysay. Ang values na *makakalikasan*, *makatao*, at *matulungin*. Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita sa kabuuang resulta sa mga values na napapaloob sa mga photo essay.

Makikita sa Talahanayan 1 na 100 porsyento ang nagsabing *makatao* at *makakalikasan* ang napapaloob sa sanaysay 1. Parehong sinabi ng tagasuri o guro, tagapakinig at tagasulat na ang sanaysay 2 ay napapalooban ng *makakalikasan* at *makatao* na values. Sa sanaysay 3 ang values na *makakalikasan* ang nangungunang. Nangingibabaw naman sa sanaysay 4 ang *makalikasan* at *matulungin* pagpapahalaga o values. *Makabansa* at *makakalikasan* naman ang nangunguna sa sanaysay 5 at 6. Ang *pagtutulungan* pagpapahalaga naman ang nangunguna sa sanaysay 7. Sa sanaysay 8 sinabi ng mga guro at tagapakinig *makatao* at *makakalikasan* ang nangungunang values. *Makatao* at *pagtulong* naman ang nangingibabaw sa sanaysay 9 at sa sanaysay 10 parehong sinabi ng tagasuri, tagapakinig at tagasulat na *makatao* at *makakalikasan* ang values na napapaloob.

### Talahanayan 1

#### Mga Values na Napapaloob sa mga Photo Essay

Sanaysay/ Tagasulat	Tagasuri (Mga Guro)	Mga Values	
		Tagapakinig	Tagasulat
1	makatao makakalikasan pagtulong	makatao makakalikasan	makatao makakalikasan
2	makakalikasan makatao	makatao makakalikasan	makatao makakalikasan
3	makakalikasan pagtulong	makatao makakalikasan	makakalikasan pagtulong
4	makakalikasan matulungin	makatao makakalikasan matulungin	
5	makakalikasan makabansa	makabansa makakalikasan	makabansa makakalikasan
6	pagtulong makakalikasan makatao	makatao makakalikasan	makakalikasan makatao
7	pagtutulungan	pagtutulungan	pagtutulungan

Sa kabuuan makikita, tatlong values ang nangunguna sa mga napapaloob sa sampung (10) sanaysay. Ang values na *makakalikasan*, *makatao* at *matulungin*. Makikita rin sa talahanayan na may iilan sa mga sanaysay na pinahalagahan tulad ang *makabansa* tulad ng sanaysay 5 at *maka-Diyos* naman ang pinanahalagahan sa sanaysay 10.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na nasa puso ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa kalikasan, pagiging makatao at pagiging matulungin dahil sa dalawampung (20) mga larawang ipinakita ng mananaliksik na may iba't ibang tema tulad ng pagpapahalaga ng edukasyon, pagiging magalang, pag-ibig at pagkakaibigan. Mas pinili ng mga kalahok ang mga larawan na nagpapahalaga sa tatlong values na nangunguna. Sa sampung sanaysay na isa lamang ang nagpapahalaga sa bayan at pagiging maka-Diyos. Ibig sabihin hindi atraktibo sa mga mag-aaral ang mga larawang nagpapakita ng pagmamahal sa bayan, pagiging maka-Diyos at higit sa lahat ang mga larawang nagpapahalaga sa edukasyon, pagiging magalang, pag-ibig at pagkakaibigan sapagkat walang ni isa sa mga mag-aaral ang pumili nito.

Sa mga sanaysay (essay) na nabuo naipahayag ng mga kalahok ang kanilang tunay na nararamdaman. Ang mga pangamba ng mananaliksik na naisantabi na ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga ng kalikasan ay posibleng magiging kasagutan nito ay ang mga mag-aaral ng Sogod National High School sapagkat malinaw na mababasa ang kanilang mga nabuong sanaysay na tagos sa puso sa mga mambabasa ang mensahe ng kanilang sanaysay. Tulad halimbawa ng talatang ito "*Ang paglilinis sa ating kapaligiran, ay magandang gawain, dahil alam niyo ba, na ang ating kapaligiran ay napupuno na ng mga basura? Kagaya lamang ng mga imburnal na napupuno na ng mga basura, kaya't hindi makadaloy nang matuwid ang ating tubig dahil ang mga basura ay bumabara o sumasagabal sa daluyan ng tubig*" "*sa bawat tao dahil ito ang nagtuturo sa kanila na magmahal sa kalikasan at kapwa na nagbubunga ng magandang pamayanan dahil sa pagiging mapayapa, kalinisan ng paligid, pagtutulungan*". Isang napakagandang pahayag na nagpapakita ng suliranin dulot sa pagpabaya ng kalikasan.

Sa sampung (10) sanaysay naipahayag ng mga kalahok ang kanilang tunay na nararamdaman at naobserbahan sa lipunan. Ayon kay Angel (2018) ang photo essay o sanaysay ng larawan ay isang

partikular na gawaing pasulat na maipahayag ng mga manunulat ang kanilang naunawaan tungkol sa mga suliranin o mga pangyayari mula sa mga larawan. Isa sa mga tandaan sa pagpili ng larawan sa paggawa ng *photo essay* ay magiging interesado ang manunulat. Samakatuwid ang mga larawan na pinili ng mga kalahok ay may malaking kaugnayan sa nangingibabaw na values na *makakalikasan*, *makatao* at *matulungin*.

**Makakalikasan**

Malinaw na ipinakita sa Talahanayan 1 na ang values na pagkamakalikasan ang nagunguna sa mga sanaysay. Bilang gurong inatasang tagahubog ng values ng mga mag-aaral napakaganda damhin na pinili ng mga kalahok ang mga larawang nagpapakita ng pagmamahal sa kalikasan at ginawan ng sanaysay (essay). Matatawag na makakalikasan ang tao kung marunong siyang magpapahalaga sa mga likas na yamang ibinigay ng Panginoon. Paglilinis sa kapaligiran ay isa sa mga nagpapakita ng pagmamahal sa kalikasan. Ayon nina Li et al., (2019) mahirap maging tunay na makakalikasan sa katunayan ibinahagi nina Chen et al. (2017) ang tanging kayang ibigay ng guro tungkol sa pagmamahal ng kalikasan ay isanib sa pagtuturo. Ang resultang ipinakita sa talahanayan ay may kaugnayan sa resulta ng pag-aaral ni Al-Ani (2014) na sa kanyang pagsusuri sa mga banghay-aralin ng mga guro na nangingibaw ang paksang isinanib tungkol sa pagmamahal ng kalikasan. Ang mga pahayag sa ibaba ay iilan lamang sa mga nagpapatunay na ang mga kalahok ay may pagpapahalaga sa kalikasan:

**Photo (Larawan)**

**Essay (Sanaysay)**



- “tayo ay magtutulongan at ang pagtutulongan ay isa sa mga pagiging makatao at ang paglilinis sa kapaligiran ay isa sa mga pagiging makakalikasan” (T1)
- “sa bawat tao dahil ito ang nagtuturo sa kanilang mga kalikasan at kapwa na nagbubunga ng magandang pamayanan dahil sa pagiging mapayapa, kalinisan ng paligid, pagtutulongan palagi, pagmamahalan at pag-aalaga.....” (T1)
- “ang pagtanim ay maganda dahil nakabubuti para sa ating at sa kalikasan....” (T3)
- “ang pagiging responsable sa kalikasan at bayan ay nakagaganap ng damdamin..” (T5)
- “Ang paglilinis sa ating kapaligiran, ay magandang sawain dahil alam niyo ba, na ang ating kapaligiran ay napapuno ng mga basura? Kagaya lamang ng mga imburnal na napapuno ng mga basura, kaya’t hindi makadaloy ng matuwid ang ating tubig dahil ang mga basura ay bumara o sumasagabal sa daluyan ng tubig.” (T2)
- “Magtanim ng maraming puno, para kay inang kalikasan ay sa kanyang puo” (T4)
- “dapat mahalín ang kalikasan at linisin ang mga basura sa paraiso kalikasan” (T7)
- “para may mataas pa tayo na henerasyon na titira sa ating kapaligiran, kalikasan ay palaging linisan.” (T6)

Ang mga larawan sa itaas ay mga larawan na pinili ng mga kalahok na ginawan ng sanaysay (essay). Ang mga larawan ay nagpapatunay na ang mga kalahok ay may pagpapahalaga sa inang kalikasan. Hindi lamang ito nagpapatunay sa mga larawan pinatunayan din ito sa iilang mga halimbawa ng pangungusap na nagpapakita ng pagkamakalikasan.

Kaugnay nito ipinaliwanag nina Lucas at Corpuz (2014) na ang mga bata ay natuto dahil sa kanilang nakikita at naobserbahan. Kaya ang paaralan ay dapat isang lugar na nagpapakikita ng magandang kapaligiran na naghahatid ng mga magandang pagpapahalaga (values) tulad ng pagpapahalaga ng kalikasan. Ang bahay ay itinuturing na pangalawang bahay ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Lucas at Corpuz (2014) na may mga magagandang pagpapahalaga (values) na nakikita ng mga mag-aaral sa paraalan na hindi nila nakikita sa kani-kanilang mga tahanan. Samakatuwid ito ang pagkakataon ng bawat guro na ipakilala sa mga mag-aaral ang mga core values.

Sa mga pahayag ng mga mananaliksik nagpapahiwatig ito na ang responsibilidad ng guro sa pagpapalinang ng mga core values ay isang malaking hamon sa kasalukuyan dahil sa mga umiiral na mga pagbabago na nakalalason sa isipan at damdamin ng mga mag-aaral sa kanilang kinawiwilihan.

Sa ulat ni Bondoc (2018) nananawagan ang Dept. of Environment and Natural Resources sa mga mamamayan lalo na sa mga kabataan na huwag labagin ang mga batas pangkalikasan. Sa halip, ibagtinggol ang kapaligiran mula sa pagwasak. Ipinahayag din ni Santos (2009) na ang mga kabataan ay pag-asa ng bayan. Dapat maunawaan ng mga kabataan na ang pagkawasak ng kagubatan, kabundukan, mga ilog at karagatan ay nagresulta na sa isang krisis sa kalikasan na lalong nagpapahirap at nagiging banta sa pag-iral ng mga mamamayan.

Sa pag-aaral ni Encarnacion (2017) nakikitaan ng pagkabahala ang kanyang mga pahayag. Ipinahayag niya na kung ano ang siyang ikinayaman ng bansa, ang siya namang matinding pag-abuso ng tao. Ang patuloy na pagkasira ng mga tirahan ng iba’t ibang saribuhay ay ang dahilan kung bakit wala ng matitirhan ang mga hayop sa kagubatan. Dagdag pa ni

Indikador:

- T1-Tagasulat 1 T2-Tagasulat 2 T3-Tagasulat 3 T4-Tagasulat4  
 T5-Tagasulat 5 T6-Tagasulat 6 T7-Tagasulat 7 T8-Tagasulat 8  
 T9-Tagasulat 9 T10-Tagasulat 10

Encarnacion (2017) sanay naramdaman ito ng mga mag-aaral, kaya kayong mga guro nakaatang sa inyong balikat na itanim sa puso't diwa sa inyong mga mag-aaral ang pagpapahalaga ng kalikasan.

Ang mga pangambang pahayag ni Encarnacion (2017) ay posibling magiging kasagutan nito ang mga mag-aaral ng Sogod National High School sapagkat malinaw na mababasa ang kanilang mga nabuong sanaysay na tagos sa puso sa mga mambabasa tulad halimbawa ng talatang ito "*Ang paglilinis sa ating kapaligiran, ay magandang gawain, dahil alam niyo ba, na ang ating kapaligiran ay napupuno na ng mga basura? Kagaya lamang ng mga imburnal na napupuno na ng mga basura, kaya't di makadaloy nang matuwid ang ating tubig dahil ang mga basura ay bumbara o sumasagabal sa daluyan ng tubig*" "*sa bawat tao dahil ito ang nagtuturo sa kanila na magmahal sa kalikasan at kapwa na nagbubunga ng magandang pamayanan dahil sa pagiging mapayapa, kalinisan ng paligid, pagtutulungan*". Isang napakagandang pahayag na nagpapapakita ng suliranin dulot sa pagpabaya ng kalikasan. Ang mga pahayag na ito ay naisulat ng mga kalahok na posibling personal nila itong nasaksihan. Ang pangalawang nangungunang values ay ang makatao.

### **Makatao**

Ang *makatao* values ay isa sa mga nangungunang values na pinahalagahan ng mga kalahok. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa resulta ng pagsusuri ni Midzid (2017) na natuklasan na nangunguna rin ang makatao values na tinataglay ng mga taong nagtrabaho mula sa iba't ibang ahensiya.

Mahalaga ang moralidad sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat tao. Sa aklat ni Agapay (2009), ganito ang kanyang sinabi:

*"Am orally good act is that which sound in all aspects*

*in its nature, motive, and circumstances.*

*In the sriptures, themorally upright is a just man, one who weighs his action in relation to what the law demands, to what the circumstances would allow, and to what fits his nature as a rational being. A morally good action, therefore, is a just act."*

Kaugnay nito ibinahagi ni Resurreccion (2007) na ang kagandahang loob sa kapwa o pagiging makatao ay isang mahalagang konsepto

sa kulturang Pilipino. Madalas itong ginagamit upang ilarawan ang isang taong nagpapakita ng kabutihan sa kapwa. Ang makatao ayon pa kay Resurreccion (2007) ay nangangahulugang kagandahang loob. Ibig sabihin hindi pagiging makasarili bagkus ito ay pagbibigay respeto sa ibang tao, nakahahanap ng kaligayahan mula sa pagtulong sa ibang tao, ginagawa ang tama kahit na ito ay mahirap o taliwas sa tingin ng ibang tao, maawain, mapagmalasakit, at kusang naglilingkod sa kapwa.

Nagpapahiwatig ito na ang mga guro ay mayroong malaking papel na ginagampanan. Ang hubugin ang kaisipan ng mga kabataan ay hindi sapat. Responsibilidad ng mga guro na bigyan ng masusing pansin ang mabuting pag-uugali ng mga kabataan. Ito ang natatanging daan sa ikatatagumpay at ikauunlad ng bayan.

Ang gawaing pasulat ay itinuturing na mahalagang panlunas na makatulong sa mga mag-aaral dahil paraan ito na maipahayag ang kanilang mga hinaing o mga opinyon. Paraan din ito na matugunan ang kanilang mga suliranin at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao (Encarnacion, 2017). Tulad halimbawa sa ipinahayag sa ibaba, ipinakita ng mga mag-aaral ang kanilang nararamdaman sa pagpapahalaga ng pagiging mabuti sa kapwa.

Photo (Larawan)



Essay (Sanaysay)

- "*kapwa tinutulungan niya ito sa pamamagitan ng pagturo sa kanilang leksiyon na hindi gaanong naintindihan ng kanyang kapwa mag-aaral*" (T1)
- "*at ang pagtulong naman sa kapwa ay masaya*" (T2)
- "*Kaya kung ikaw ay matulungin sa kapwa, ay mayroon kang matatanggap pabalik, hindi pera, hindi bahay, hindi ari-arian, kundi pagmamahal, respeto, kabaitan at sandigan sa lahat ng taong natulungan mo, dahil kung ikaw ay may magandang puso, ikaw ay hahangaan ng mga tao at mabigyan mo rin sila ng taos pusong leksyon na makapagpabago sa kanilang buhay*" (T2)
- "*Pahalagahan ang kapwa para sa mabuting...*" (T6)
- "*Ang pagtulong sa kapwa ay mabuti at mas masarap sa pakiramdam...*" (T8)
- "*Ang aral na mapupulot natin ay tumulong sa kapwa na walang hinihinging kapalit. Dahil Panginoon lang ang may alam kung kailan tayo susuklian sa ginawa nating*

*kabutihan.*” (T4)

- “..mabuting tao dahil tinulungan niya si Rea na walang hinihinging kapalit...” (T9)
- “..ibahagi ang pagiging makatao sa buong mundo...” (T10)

Indikador:

T1-Tagasulat 1 T2-Tagasulat 2 T3-Tagasulat 3 T4-Tagasulat 4 T5-Tagasulat 5  
T6-Tagasulat 6 T7-Tagasulat 7 T8-Tagasulat 8 T9-Tagasulat 9 T10-Tagasulat

Ang tao upang maging makatao ay nararapat na maging tunay na mabuti sa kapwa. Bago gumawa ng isang aksyon, iisipin muna ang kapakanan ng kanyang kapwa kung ito’y nakabubuti o nakasasama. Dumating sa puntong kailangang kalimutan ang sarili alang-alang sa ikabubuti ng iba. Sa pagmamalasakit ng tao sa kanyang kapwa ay hindi naghihintay ng kapalit. Sinasabing maging makatarungan sa lahat ng pagkakataon. Pinatunayan ito sa pahayag ng kalahok mula sa kanyang binuong sanaysay (essay). “*Ang aral na mapupulot natin ay tumulong sa kapwa na walang hinihinging kapalit, dahil Panginoon lang ang may alam kung kailan tayo susuklian sa ginawa nating kabutihan.*”

Ipinaliwanag ni Amarillo (2010) ang kalagayan ng bayan dala ng pagbabago ng panahon ay nakapagdudulot ng maraming suliranin sa mga batang mag-aaral lalo na sa hayskul. Ang ilan sa mga suliraning ito ay talagang pagtuuan na ng higit na atensyon. marami sa mga kabataang ito ay ipinaubaya ng mga magulang sa mga guro sa kadahilang hindi na nila kayang supilin ang pag-uugali kanilang mga anak. Minsan hindi rin kakayanin ng mga gurong tagapayong disiplinahin ang mga mag-aaral sa loob ng klasrum dahil sa kakaibang ugali nila. .

Batid ng lahat na ang paaralan ay hindi lamang naglalayong matuto ng mga bagong kaalaman ang mga mag-aaral kundi ito rin ay naglalayong hubugin ang birtud ng bawat mag-aaral tungo sa maunlad at mapayapang lipunan. Sa pahayag ni Ramirez (2009):

*“When the teacher takes an active role in developing Virtue among children, he/she is not only helping in the formation of the person but also significantly contributing to the development of the society.”*

Nabalot ng pangamba ang pahayag ni Rivera (2010) na nagsabing dulot ng modernong panahon at pagbabago sa lipunang ginagalawan, ang mga paksain at temang kinahihiligan ng mga kabataan ay nagbabago rin. Ang mga pagbabagong ito nagbabago rin ang mga pag-uugali ng mga kabataan.

Ang resulta ng pag-aaral ay nakapagluluwag damdamin ng mananaliksik bilang guro sapagkat sa mga ipinahayag ni Rivera (2010) maaaring sabihin ng mananaliksik na sa mga pagbabagong naganap sa buhay ng mga mag-aaral may nanatili pa ring mga kabutihang maaring maipagmamalaki sa kabila ng mga pagbabagong kinagigiliwan. Tulad na lamang sa pahayag na mula sa binuong sanaysay na “*Kaya kung ikaw ay matulungin sa kapwa, ay mayroon kang matatanggap pabalik, hindi pera, hindi bahay, hindi ari-arian, kundi pagmamahal, respeto, kabaitan at sandigan sa lahat ng taong natulungan mo, dahil kung ikaw ay may magandang puso, ikaw ay hahangaan ng mga tao at mabigyan mo rin sila ng taos pusong leksyon na makapagpabago sa kanilang buhay.*”

Isang makabagbag damdamin na sa kanilang hilaw na pag-iisip ay may nakaimbak na sa kanilang puso’t isipan ang isang magandang birtud (virtue) na madadala at magagamit sa lipunan pagdating ng tamang panahon. Ang pangatlong nangingibabaw na values ay ang pagiging matulungin.

### Matulungin

Ang pagiging matulungin ay tumutukoy sa ugaling kusa o bukal na pagtulong sa buong puso sa kapwa. Ipinakita sa resulta ng pagsusuri na sa mga values na napaloob sa mga photo essay na gawa ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Sogod National High School ay nagpapatunay sa pahayag ni Librojo (2017) na ang pagtulong ay isang mahalagang dimensyon ng kulturang Pilipino. Ang sama-samang pagtutulongan at pagbubuhay ay itinuturing na isang mekanismo ng pagkaya sa mga problema ng mga Pilipino. Ang ugaling ito ay isang paraan para magarantiya ang suporta, lalong-lalo na sa panahon ng kalamidad. Ang pagiging matulungin ay magandang mapalalim sa mga kabataan (Bankoff 2009).

Ipinahawatig lamang na ang ugaling pagiging matulungin ay nanatili pa sa puso ng mga mag-aaral. Ang inilahad sa ibaba ay nagpapatunay sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pagiging matulungin:

Photo (Larawan)

Essay (Sanaysay)



- "...pagtutulongan palagi...ang pakikipagtulongan sa kapwa." (T1)
- "Tumulong tayo sa kapwa upang sama-sama tayong umunlad..." (T3)
- "Tayo ay magtulong-tulong para sa ating mabuting gawain..." (T6)
- "Dapat magtulongan sa paglinis sa kalikasan at magbantay..." (T7)
- "...tinulungan niya si Reah na bumasa na walang hinihinging..." (T9)
- "Dapat magtulongan para maiwasan ito at hindi ibinalewala at bahagi." (T7)



Indikador:

- T1-Tagasulat 1    T2-Tagasulat 2    T3-Tagasulat 3    T4-Tagasulat 4  
 T5-Tagasulat 5    T6-Tagasulat 6    T7-Tagasulat 7    T8-Tagasulat 8  
 T9-Tagasulat 9    T10-Tagasulat 10

**Talahanayan 2**  
**Mga Values na Magkatugma sa Photo Essay Batay sa mga Tagapakinig, Tagasuri, at Manunulat**

Sanaysay/ Tagasulat	Tagasuri (Mga Guro)	Mga Values	
		Tagapakinig	Tagasulat
<b>Magkatugmang Values</b>			
1	makatao makakalikasan pagtulong	makatao makakalikasan	makatao makakalikasan
2	makakalikasan makatao	makatao makakalikasan	makatao makakalikasan
3	makakalikasan pagtulong	makatao makakalikasan	makakalikasan pagtulong
4	makakalikasan matulungin	makatao makakalikasan matulungin	makakalikasan
5	makakalikasan makabansa	makabansa makakalikasan	makabansa makakalikasan
6	pagtulong makakalikasan makatao	makatao makakalikasan	makakalikasan makatao
8	makatao makakalikasan pagtulong	makatao makakalikasan	
10	paggalang makatao makakalikasan maka-Diyos	makatao, makakalikasan pagtulong maka-Diyos	makakalikasan maka-Diyos magalang
<b>Magkasalungat na Values</b>			
7	pagtutulongan makakalikasan	pagtutulongan pagpapahalaga sa mga hayop	pagtutulongan
9	makatao pagtulong	makakalikasan pagtulong pagiging masayahin	makatao

Sa pahayag na ito binigyan diin ng tagasulat 7 ang pagpapahalaga ng pagtutulongan. Ganoon din sa sanaysay 9 ipinahayag sa tagasulat na "masayang nagbabasa si Rea sa unang

pahina....nahihirapan siyang basahin ito at nakita siya ni Bea nilapitan at tinulungan...". Sa pahayag na ito ang pagtutulongan na values ang nakapokus sa sanaysay.

Nagpapatunay lamang na ang mga kalahok ay talagang nagpapahalaga sa pagmamahal ng kalikasan, pakikipagkapwa o makatao at pagtulong. Kaugnay sa resultang ito sinabi Al-Somadi (2012) na ang mga akdang binuo ng manunulat ay may malaking kaugnay sa kanilang pamumuhay. Ibig sabihin, ang mga kalahok ng pag-aaral na ito sa tirahan mismo ay may ugali ng pagpapahalaga sa kalikasan, may puso ng tumulong sa mga nangangailangan. Sa pahayag ni Brynildssen (2002) sa kanyang artikulo na "Literary characters have almost the same potential for influencing the reader as the real people with whom a reader might share a reading experience". Ipinahiwatig rito na ang mga akda o literatura ay may malaking ginagampanan sa paghatid ng magandang ideya sa mga mambabasa. Samakatuwid ang mga akdang nabasa ay nagtuturo rin ng mga values sa mga mambabasa. Kaya iminungkahi ng Al-Somadi (2012) na ang mga guro ay pumili ng mga panitikan pambata na napapalooban ng mga pagpapahalagang moral. Habang bata pa ay mamulat na sila sa magagandang pag-uugali sa pamamagitan ng mga akdang narinig.

Binahagi Al-Somadi (2012) maraming isyu sa kasalukuyan tungkol sa *character education* ng mga kabataan. Maraming nagmungkahi na palawigin ng mga guro ang pagpapalinang ng mga pagpapalagang moral lalo na sa elementarya. Tandaan na mahirap turuan ng taktika ang matandang aso. Ibig sabihin habang bata pa turuang imulat na sila sa mga paksang napapalooban ng magandang pag-uugali. Ang pahayag ni Al-Somadi (2012) ay sinuportahan ni Librojo (2017) na nagsabing sa pamamagitan ng mga pag-aaral o pananaliksik sa malalaman at masusuri ang kaisipan at kaugalian ng mga bagong henerasyon ng kabataan. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa kanilang mga dahilan at pagganyak, magkakaroon ng higit na malalim na pag-unawa ang saloobin ng mga mag-aaral. Ang kaalaman o natuklasan mula sa pananaliksik ay maaaring maging kongkretong batayan ng mga programang makahihikayat sa kabataan na makisangkot sa mga pangangailangan ng lipunan.

Samakatuwid ang ginawang pag-aaral na ito ay nakatutulong mananaliksik bilang isang guro kung anong mga pagpapahalagang moral ang dapat pang ilinang sa pamamagitan ng pagsanib nito sa mga aralin.

## CONCLUSION AT RECOMMENDATIONS

Sa pagsusuri ng mga values na napapaloob sa mga photo essay natuklasan na makakalikahan, makatao at matulungin ang nangunguna. Batay sa resulta ng pagsusuri napagtanto na ang mga values o pagpapahalaga ng mga mag-aaral ay makilala sa pamamagitan ng mga nabuong akdang pampanitikan. Samakatuwid isang mabisang gamitin ang mga lokal na mga larawan bilang kagamitang pampagtuturo sa mga gawaing pasulat lalo na sa pagpapakilala sa mga values na minsan nakaliligtaan ng bigyan pansin. Batay sa resulta ng pag-aaral iminungkahi ng mga mananaliksik na magkakaroon pa ng pag-aaral tulad nito upang lubusang malaman ng mga guro ang mga values na dapat pa ilinang sa mga mag-aaral.

## ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Tomas Oppus sa programang MaEd-Filipino.

## REFERENCES

- [1] Al- Somadi, F. (2012). The effect of a story – based programme on developing moral values at the kindergarten stage. *Interdisciplinary journal of contemporary. Research in Business*, 4 (7).
- [2] Al-Ani , W. (2014). Core values matrix of the philosophy of basic education in Oman (PBE0). *Athens Journal of Education*, 1(2), pp. 167-182. <https://doi.org/10.30958/aje.1-2-6>
- [3] Angel, D. (2018). *Larawang sanaysay o photo essay*.
- [4] Baccarella, C., Lukas, M. at Kai-Ingo, V. (2019). Every picture tells a story-exploring personal branding communication activities on social Media. [https://doi.org/10.1007/978-3-030-21905-5\\_2](https://doi.org/10.1007/978-3-030-21905-5_2).
- [5] Bondoc, J. (2018). *Pag-alaga sa kalikasan para sa ating kapakanan. Pilipino star ngayon*, May 21, 2018.
- [6] Encarnacion, P. (2017). *Kalikasan, kaunlaran, politika - Pagsusulong ng layuning pangkalikasan sa eleksiyon 2016*. <http://doi.org/10.13140/RG.2.2.21478.0160>
- [7] Li, D. at Ma, S. (2019). What influences an individual's pro-environmental behavior? A literature review. *Resources Conservation*

and *Recycling*, 146, pp. 28–34. <https://doi.org/10.1016/j.resconrec.2019.03.024>

- [8] Librojo, L. (2017). *Ang pagkamatulungin ng kabataang Pilipino sa panahon ng kalamidad. DIWA Journal*. Ateneo de Manila University, Manila.
- [9] Lopez (2012). *Ang pagiging makabayan*. <http://lopezlink.ph/employee-news/lopez-messages/5137-ang-pagiging-makabayan.html>
- [10] Resurreccion, R. (2007). Malasakit, pakikipagkapwa, at kalinisang loob: Mga pundasyon ng kagandahang Loob. 19 (3).
- [11] Stavrou, E. (2015). Determining the cultural identity of a child through folk literature. *American Journal of Educational Research*, 3 (4), pp. 527-534 . <https://doi.org/10.12691/education-3-4-20>
- [12] Kuehn, P. R. (2019). Function and importance of pre and post-tests. Retrieved from: <https://owlcation.com>.
- [13] Yusuf, A. (2012). Influence of picture and picture method against moral development of children. *Indian Journal of Public Health Research and Development*, 9(10), 339-344.